# Pagsasa-Dumagat ng Edukasyong Dumagat

*Flora G. Cruz*

*Ito ay isang personal na paglalahad ng isang karanasan sa pagbuo ng isang kurikulum para sa mga katutubong Agta. Si Prof. Cruz ay ang kasalukuyang Assistant Principal for Academic Programs ng UPIS.*

Bilang guro sa Integrated School at sa Kolehiyo ng Edukasyon ng UP, madalas akong maimbitahang maging konsultant, lektyurer o tagapagpadaloy (facilitator) sa mga seminar-workshop na isinasagawa ng iba-ibang ahensiya na may kinalaman sa edukasyon, pormal man o di-pormal. May mga eskuwelahang nangangailangan ng tulong sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagtatasa sa larangan ng matematika; mayroon namang gustong matutuhan ang pagsasasanib ng pagpapahalaga (values) sa mga leksiyon sa iba-ibang asignatura. May mga NGO na kailangan ng tulong sa paggawa ng mga materyales na gamit sa pagpapaliwanag ng mga isyu sa mga karaniwang mamamayan. Ang mga tawag ng tulong ay hindi matanggihan, kahit kung minsan nangangahulugan ito ng mahabang biyahe, pagtawid ng mga ilog at pag-akyat ng bundok. Pagkakataon na ang mga ito para makapaglingkod sa bayan.



*Ang mga Agta (mga Dumagat, ayon sa mga Tagalog na naninirahan sa Hilagang Quezon) ay ang may apat na libong katutubong Filipino na ngayo'y naninirahan sa mga bulubundukin ng Heneral Nakar at Isla ng Polillo. Nabubuhay sila sa pamamagitan ng pangangaso at pangangalap ng mga pagkaing makukuha sa gubat, dagat o ilog. Nagbababa rin sila sa bayan ng Heneral Nakar at sa Infanta ng kame ng usa, rattan (uway), o iba pang halamang-gubat para ipagpalit sa iba pang pangangailangan gaya ng damit, bigas, asin, sabon o tabako. Pero, kadalasan ay napagsasamantalahan ang mga ito ng mga tinatawag na "tabong" (middlemen). Dahil sa kamangmangan, hindi alam ng mga katutubo na sila'y nadadaya sa kuwenta. At kahit malaman nilang sila'y dinadaya, hindi rin naman sila nakikipag-away dahil sila'y masunurin at tahimik na tao.*

*Dagdag sa problema ng kawalan ng edukasyon ang problemang unti-unting pagkawala ng lupang kanilang tinitirhan, lupang ari pa ng kanilang mga ninuno. Inaangkin na ito ng mga mapagsamantalang sumisira ng kagubatan. May kaunti mang kaalaman sa agrikultura, nawawala naman ang lupang tinatamnan. Pataas na nang pataas ng bundok ang kanilang pinagkukunan ng pagkain at kabuhayan. Kaya nga ba't ayaw na nilang patawag na Dumagat na ang kahulugan ay "mga taong nakatira sa tabing dagat". Mas gusto na nilang matawag na Agta na ang kahulugan ay "tao".*

Noong Pebrero 19-22, 1988, ako'y nakasama sa isang team ng mga volunteer ng Education Forum (EF, isang NGO na kapartner sa misyong pang-edukasyon ng Association of Major Religious Superiors ng Pilipinas) na nagpunta sa Heneral Nakar, Quezon para lumahok sa isang konsultasyon/seminar-workshop na layong makabuo ng isang programang pang-edukasyon para sa mga Agta sa Heneral Nakar.

Kahanga-hanga ang mga Agta. Sila'y mga taong alam kung anong direksiyon ang dapat tunguhin ng kanilang buhay. Higit sa lahat, sila'y nagkakaisa na hindi nila makakamit ang kanilang adhikain kung hindi sila magtutulungan at sila'y naniniwala ring hindi masamang humingi ng tulong sa kapwa Filipinong handa namang tumulong.

Ang konsultasyon ay nilahukan ng pamunuan ng Tribal Center for Development [TCD], mga Agtang parateacher (8 babae, 1 lalake), at ng EF team. Ang mga parateacher ay may iba-ibang antas ng naabot sa edukasyon - mula sa walang pormal na edukasyon hanggang gradweyt ng hay-iskul. Isa sa kanila, si Asang, ay tapos lamang sa kanilang literacy-numeracy program. Pero lahat sila ay mga tagapagpadaloy na ng literacy numeracy- program.

Ang napagkayarian naming unang gawin ay ang magbuo ng isang pilosopiya ng edukasyon para sa mga Agta. Ang mga EF volunteer ang nagpadaloy ng talakayan, ang mga TCD at ang mga Agta

ang nagbigay ng input tungkol sa sitwasyon ng mga katutubo (heograpiya at buhay pangkultura) at tungkol sa kanilang problemang pangkabuhayan, pampulitika at pangkultura o pang-edukasyon. Pinag-usapan din ang papel na ginagampanan ng TCD at ng Samahan ng mga Kaagtaang Binabaka ang Suliranin tungo sa Adhikain [SAKABINSA] pati na ang direksiyong tinutungo ng kanilang mga proyekto. Malinaw na inilahad ng aming mga kausap ang adhikain ng mga Agta: self-reliance at self-determination.

Tungkol sa programang pang-edukasyon, sinabi nila na hindi sapat ang nakalugar nang literacy-numeracy program. Kaya inimbita nila ang EF para maayos ang naturang programa sa isang pormang maaaring iharap sa DECS tungo sa akreditasyon. Wala silang eskuwela-han, pero ayaw naman nilang wala silang gagawin habang hinihintay na maipag-patayo sila ng gobyerno.

Pansamantala, gusto nilang ipagpatuloy ang basic literacy-numeracy program at dagdagan pa ito ng isang basic education course katumbas ng DECS Grado 1-6 at isang *specialization and skills development program* na maghahanda sa mga Agtang tapos na ng *basic education course* para sa mga trabahong may kinalaman sa edukasyon, kalusugan, kooperatiba at paggamit ng teknolohiya sa agrikultura.

Bilang gabay sa aming ginagawang pagbabalangkas ng programa, inilahad ng mga TCD at mga Agta ang mga sumusunod:

1. Dahil ang programa ay pang-Agta, mga Agta rin ang magiging tagapag-padaloy ng mga programa.
2. Ang bawat katutubo ay dapat matutong mag-isip at magdesisyon hindi lamang para sa sarili kundi para sa kalahatan ng mga Agta.
3. Tagalog ang gagamiting wikang panturo.
4. Dapat tutukan sa kurikulum ang mga problema at paghanap ng solusyon sa mga problema.
5. Hindi dapat mawala sa kurikulum ang kulturang Agta.
6. *Non-formal* ang programa. Pero dahil sa baka sakaling mabigyang- pansin din sila ng DECS, dapat ihawig ang kurikilum sa formal na kurikulum ng DECS para mas makakuha ng equivalency examination ang produkto ng edukasyong Agta.

Batay sa gabay, napagkayarian ang mga sumusunod:

1. Ang programa ay magkakaroon ng mga sumusunod na bahagi:
   a. Basic Literacy-Numeracy [6 na buwan]
   b. Basic Education Course [2 taon] Tinawag nila itong Level 1 para sa edad 8 hanggang 10. Integrated ang pagtuturo ng Matematika, Kalusugan at Agham, Sibika at Kultura at Sining Pangkomunikasyon.
   c. Espesyalisasyon at Dagdag Kasanayan (isang taon)




*Noong 1979, ilang miyembro ng Tribal Filipino (TF) Apostolate ang may isang buwang naglakbay-aral sa Sierra Madre para tingnan ang kalagayan ng mga katutubong naninirahan sa bundok na ito. Napag-alaman nila na ang mga Agta ang pinakamahirap sa buong prelature ng Infanta (kasama ang mga bayan ng Real at Heneral Nakar). Para makahatid-tulong, sinimulan ng TF at ng ECTF (Episcopal Commission on Tribal Filipinos) ang isang literacy-numeracy program para sa mga Agta. Hindi masyadong nagtagumpay ang proyektong ito dahil sa kadalasan ang mga batang kalahok sa programa ay binubunot ng mga magulang para tumulong sa paghanap ng pagkain at pangunguha ng mga produktong-gubat. Lumitaw na talagang hindi edukasyon lamang ang kailangan ng mga tao, kundi pati na rin mga sagot sa pangangailangang pang-ekonomiko.*

*Naunawaan ng mga Agta na ang kanilang mga problema ay malulutas lang kung sila ay nagkakaisa kaya sila ay nagkusang bumuo ng isang organisasyon na tinawag nilang SAKABINSA (Samahan ng mga Kaagtaang Binabaka ang Suliranin Tungo sa Adhikain) na ang layunin ay pagtayo sa sariling paa (self-reliance) at pagpapasya para sa sariling buhay at mga tunguhin (self-determination). Noong 1987, ang sekretaryat ng organisasyong ito ay naging Tribal Center for Development (TCD) at siya ngayong nagpapatakbo ng dalawang malalaking programa: (1)* ***pang-edukasyon*** *, binubuo ng isang basic functional literacy-numeracy program, isang programang pangkalusugan, at isang programa ng pagsasanay ng mga parateacher; (2)* ***pang-sosyo-ekonomiko****, binubuo ng isang agro-forestry program at pagtatayo ng isang marketing at consumers' cooperative.*

1. Leadership training, trabahong pangkalusugan at pang-edukasyon, pagpapatakbo ng kooperatiba
2. Paggamit ng agham at teknolohiya sa agrikultura ng paggugubat

2. Ang gagamiting estratehiya sa pagtuturo ay ang Paolo Freire method kung saan ang mga tao ay natuturuang tingnan ang kanilang buhay sa mas kritikal na paraan, mag-analisa ng kanilang problema at mag-isip at magsagawa ng mga solusyon sa problema.
3. Doon sa konsultasyon/workshop, bubuuin ang nilalaman (content) ng kurikulum. Ito ay magiging *thematic* at *integrated*. Apat lamang ang magiging tema: Lupa, Kalusugan/Kalinisan, Pagtutulungan at Ang Kulturang Dumagat. Sa ilalim ng bawat tema ikakategorya sa pangkabuhayan, pampulitika, at pangkultura ang mga akmang laman at mga kasanayang pang-agham, kalusugan, matematika, sibika at kultura, at sining pang-komunikasyon.
4. Doon din sa konsultasyon/workshop, tutulungan ng mga EF volunteer ang mga parateacher na gumawa ng mga modelong modyul ng pagtuturo. Sasabihin kung para sa anong grade level ng DECS akma ang bawat leksiyon.
5. Kailangan ang puspusang pagsasanay at pagpapakadalubhasa ng mga parateacher sa paggawa ng mga araling panturo.

Pilosopiyang Pang-edukasyon Para sa mga Katutubo [Agta] ng Heneral Nakar, Quezon

I. Sitwasyon
   A. Heograpiya
      1. Saan nakatira dati? Ngayon? [Maps]
      2. Bakit kayo umalis? Paano napaalis?
   B. Buhay Pang-kultura
      1. Panimula [creation stories/legends, etc.]
      2. Life cycle [rites of passage/ courtship/ wedding/health situation]

II. Mga Problema
   A. Kabuhayan
      1. kakulangan sa pagkain
      2. panggigipit ng tabong [middlemen]
      3. pagpasok ng logging/pagbabaha
      4. pagtataboy sa katutubo sa malayong lugar
      5. problema sa dam
      6. kakulangan ng kagamitan
   B. Pampulitika
      1. militarisasyon
      2. hindi nabibigyan pansin ng gobyerno ang mga problema
   C. Kultura/Edukasyon
      1. kakulangan sa edukasyon
      2. mahiyain/mababang pagtingin sa sarili
      3. ayaw magsabi ng totoo dahil sa takot/hiya
      4. nahihirapang magtiwala sa iba gawa ng masamang karanasan

III. Direksiyon
   A. Kasaysayan ng TCD
   B. Mga Programa ng TCD [literacy, livelihood, health]
   C. Organisasyon ng Katutubo -Samahan ng mga Kaagtaang Binabaka ang Suliranin tungo sa Adhikain [SAKABINSA]
   D. Direksiyon ng SAKABINSA at TCD
      1. Pagtayo sa sariling paa [self-reliance]
      2. Pagpapasya ukol sa tunguhin at buhay para sa sarili [self-determination]
   E. Mga Programa
      1. Self-reliance
         mga katutubo rin ang guro
         agro-forestry project
         ecology
         transfer of Cordillera technology
         quasi-cooperative
         educational program
         logging for katutubo
      2. Self-determination
         maintain area rather than leave place
         communal farming
         alliance for self-defense from landgrabbers, middlemen and military

Hindi natapos ang aking pakikilahok sa proyektong ito pagkatapos ng konsultasyon/workshop. Noong mga sumunod na buwan, dalawa o tatlong araw bawat buwan ay isa ako sa mga EF volunteer na tumulong sa mga parateacher na maghanda ng iba-ibang araling panturo. Tinuruan din namin silang gumawa ng mga pagsusulit (o pagtatasa). Sa ganitong paraan ay nakalikom ang TCD ng isang modyul pang-literacy-numeracy, isang detalyadong kurikulum, mga detalyadong lesson plan, mga awit, salawikain, tula at mga kuwento ng mga Agta. Hindi naglaon at may naipalabas na silang isang newsletter na pinangalanang KABINSA. Noong 1991, tinawag nila akong muli para naman makatulong sa pagbuo ng isang balangkas ng ebalwasyon ng lahat ng mga programa ng TCD.

Malayo na ang narating ng programang pinagtulung-tulungan naming buuin noong 1988. Pagkatapos ng basic literacy-numeracy, mayroon na sila ngayong Level 1 (para sa edad 8-10), Level 2 (para sa edad 10-12), Level 3 (para sa edad 13-17), Level 4 at 5 (para sa edad 12-21). Ang mga Level 1 hanggang 3 ang katumbas ng Grado 1-6 at ang Level 4 at 5 ay hay-iskul. Noong 1988, mayroong mga 109 estudyante at 8 parateacher. Ngayon, may 38 pang estudyante at 5 ang tagapagpadaloy, bukod pa sa ilang matatanda na tinutulungan din nilang matutong magbasa at magkuwenta. Ang unang gradweyt sa Level 1-3 ay nagsipagtapos noong 1994 at nitong 1997, apat ang nakatapos ng Level 4 at 5 (hay-iskul). Ang apat ay kumuha ng *placement test* sa La Concordia College sa Infanta, Quezon para malaman kung puwede silang magpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo.

Nagsimula sa lima, dalawa na lamang ang sityo na pinagdarausan ng mga programa ng TCD. Sa Katablingan, Hen. Nakar ay mayroon nang isang istrukturang masasabing isang community school. Tinawag nila itong Sentrong Paaralan ng mga Agta at may 24 na estudyante. Mas malayo ang sityo ng Malatonglan. Dito'y

may 14 na estudyante at walang matatawag na eskuwelahan. Ang koordineytor (prinsipal) ng dalawang lugar ay si Wilma, isa sa mga orihinal na parateacher na Agta.

Tunay na kahanga-hanga ang mga Agta.

Unit Plan
Theme: LUPA

| | PANGKABUHAYAN | PAMPULITIKA | PANGKULTURA |
|---|---|---|---|
| MATEMATIKA | · pangsukat at pagsusukat<br>· pagkuwenta ng kita sa lupa<br>· pagbibilang ng mga bagay na galing sa lupa | · paggamit ng mga datòs<br>· tungkol sa laki ng lupang ninuno, populasyon, atbp. | · paggawa ng mga gamit pangkwenta mula sa katutubong materyales |
| AGHAM | · pangsukat at pagsusukat<br>· pag-aalaga ng lupa<br>· kaingin<br>· wastong pagtatanim<br>· likas yaman [lupa/tubig]<br>· irigasyon | · mga hayop at halaman<br>· epekto sa kapaligiran ng pagkakaingin/pagmimina | · mga paniniwala sa pamahiin<br>· paggawa ng mga gamit pambahay/pangsaka mula sa katutubong materyales |
| SIBIKA at KULTURA | · kahalagahan ng lupa<br>· mga gamit sa pagsasaka<br>· rice terraces | · kahalagahan ng pagsukat ng lupa<br>· kahalagahan ng lupa<br>· ang titulo ng lupa<br>· mga karapatan sa lupang ninuno | · kasaysayan ng pag- agaw sa lupang Agta<br>· sukat ng dating lupang ninuno<br>· populasyon noon at ngayon |
| SINING PANGKO-MUNIKASYON | · awit sa paggawa sa lupa | · mga kuwento tungkol sa lupa sa pang-araw araw<br>· pagsusulat ng liham/petisyon<br>· pagsusulat ng awit | · kuwento ni Lukab Dumagat<br>· mga paniniwala tungkol sa pagmamay-ari ng lupa |

Lesson Plan
Theme: LUPA

| | | |
|---|---|---|
| PROBLEMA | Pang-aagaw ng lupa | |
| DIREKSYON | Manatili sa sariling lupa | |
| LAYUNIN | Agham | Kilalanin sa kapaligiran ang mga halaman at ang mga bahagi ng halaman na ginagamit sa bahay |
| | Math | Bilangin at isulat ang bilang ng iba-ibang punong nakatanim sa lugar |
| KONSEPTO | Agham | Ang mga halamang itinatanim sa lupa ay maraming pinaggagamitan |
| | Math | Pagbilang at pagsulat ng bilang |


MGA GAWAIN

1. Pagbasag sa kultura ng katahimikan
   Idrowing/idrama/ikwento kung paano nabubuhay ang katutubo.
   Anu-ano ang gamit ng lupa sa katutubo?
2. Paglalagom
   Anu-ano ang mga gamit ng lupa sa katutubo?

Anu-anong halaman ang itinatanim ng mga katutubo?

3. Pagbilang ng mga halaman sa kapaligiran
Magtakda ng mga hangganan ng isang lugar na bibisitahin ng estudyante upang kilalanin at bilangin ang mga halamang nakatanim doon.

Halimbawa:




Palabasin sa kuwarto ang mga estudyante at ipabilang at ipalista ang bilang ng mga halaman. Ipasulat ang datos sa sumusunod na porma.

| Halaman | Bilang |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |

Ilang puno lahat? ____________

4. Gawin ang sumusunod na listahan. Sa bawat kolum ay ilista ang pangalan ng halaman at ang bahagi ng halaman ayon sa gamit.

| PAGKAIN | GAMIT SA BAHAY | GAMOT |
|---|---|---|
| 1. Abokado (bunga) | 1. | 1. Abokado (dahon) |
| 2. | 2. | 2. |
| 3. | 3. | 3. |
| Ilang puno lahat? ____ | Ilang puno lahat? ____ | Ilang puno lahat? ____ |

5. Maikling Talakayan

Kung ganito karami ang mga halaman sa paligid natin, paano natin gagamitin ang mga ito para makatulong sa ating kabuhayan?